

## Pangkalahatang-ideya

Ang Programang Pambata na Medikal na Intensibo ng Administrasyon sa mga Kapansanan sa Pag-unlad ng DSHS ay nagbibigay ng mga serbisyo ng pribadong tungkulin sa pag-aalaga sa mga batang edad 17 at mas bata. Ang mga batang ito ay may masalimuot na pangangailangang medikal na hindi maaaring pangasiwaan sa loob ng saklaw ng patigil-tigil na pag-aalaga. Ang mga serbisyo ng pribadong tungkulin sa pag-aalaga ay maaaring ibigay sa tahanan ng pamilya, foster home o sa isang DDA na kinontrata ng tahanan ng grupo ng mga bata na medikal na marupok.

## Badyet

Hindi nagbadyet ang DDA sa antas na ito ng detalye. Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan ang nangangasiwa ng badyet para sa MICP.

## Mga Rate

Kumonsulta sa [Gabay sa Pagsingil ng Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan](#).

## Mga stakeholder

- Mga kliyenteng tumatanggap ng mga serbisyo at kanilang mga pamilya.
- Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at mga Pamilya.
- Dibisyon sa mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad ng DSHS.
- Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Washington.
- Mga kinontratang tagapagkaloob:
  - Mga ahensya ng kalusugan sa tahanan.
  - Mga Tahanan ng Grupo ng Medikal na Marupok.
- Mga organisasyon ng pinangangasiwaang pangangalaga.
- Mga ospital.

## Awtoridad

[WAC 182-551-3000](#) Pag-aalaga ng pribadong tungkulin para sa mga kliyenteng edad labingpito at mas bata—Pangkalahatan.



## Tagapangasiwa

### Panlabas

- Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid.
- Opisina ng Auditor ng Estado ng Washington.
- Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington.
- Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan.

### Panloob

- Opisina ng DDA sa Pagsunod, Pagsubaybay at Pagsasanay.
- Opisina ng DDA ng mga Programa na De-kalidad at Pakikisangkot ng Stakeholder.
- Opisina ng DDA ng Programa at Pagpapaunlad ng Polisiya.

## Mga Kinakailangan sa pagiging Karapat-dapat

Mga indibidwal:

- Edad 17 o mas bata.
- Sa mga masalimuot na pangangailangang medikal (hal., nakadepende sa ventilator, umaasa sa tracheostomy, o paggamot sa mga masalimuot na pangangailangan sa paghinga).
- Kailangan ng apat o higit pang tuluy-tuloy na oras ng aktibong may kasanayang pag-aalaga.
- Naka-enroll sa Washington Apple Health sa ilalim ng kategoryang nangangailangan ng saklaw ng pangangalaga.